

Mga Impormasyon na Nais Iparating at Ipaalam sa mga Dayuhan

Sa CENTER ay may isinasagawang konsultasyon sa iba't-ibang wika (English, Portuguese, Chinese at Tagalog) may kinalaman sa pamumuhay ng mga dayuhang residente. May itinalagang Foreign Support Counselor para sa wikang Portuguese at Tagalog. Makaaasang pangangalagaan ang mga kompidensyal na impormasyon, kaya't mangyaring komunsulta ng may pagtitiwala.

Sa corner na ito, nais naming ipaalam ang mga na-pick up na mga impormasyon na nais iparating at ipaalam ng mga Foreign Support Counselor sa mga Dayuhan.

~ Simula Hulyo 9, Umpisa ng Bagong Sistema sa Pamamahala ng Paninirahan! ~

Mga Pangunahing Pagbabago:

1. Pag-iisue ng 「Residence Card」 .
2. Pagkakaroon ng pinakamahabang 5 taong panahon ng pananatili.
3. Pagbabago sa sistema ng 「Re-entry Permit」 .
4. Abolisyon sa sistema ng alien registration

Iba pa

「Pagbabago sa Proseso ng Paglipat - Pag-alis sa Tirahan」

Kinakailangan ang 「Notipikasyon para sa Change of Address」 sakaling lilipat sa ibang munisipalidad mula sa kasalukuyang tinitirahang munisipalidad. Gayundin, kinakailangan rin ang 「Sertipiko ng Change of Address」 at 「Resident Card」 sa lilipatang munisipalidad para sa 「Notipikasyon ng Paglipat」 .

「Napadali ang Paraan para sa Abiso」

Hindi na kinakailangan ang pagbibigay ng abiso sa munisipyo may kinalaman sa pagbabago sa status of residence, pasaporte, pangalan, nasyonalidad at trabaho. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Immigration Information Center (Weekdays 8:30 AM ~ 5:15 PM)

Numero ng Telepono : 0570-013904

* Numero ng Telepono para sa IP Phone, PHS, International Call: 03- 5796-7112



～ Alam mo ba ang Tanggapan ng Konsultasyon para sa mga Kababaihan ～

Sa Gifu Women Counseling Center, kasama ng komukonsulta ay nagsasagawa ng paraan para sa pagtuklas ng solusyon sa problema, nagbibigay ng mga payo at impormasyon para sa ikasusulong sa buhay. LIBRE o walang kinakailangan na bayad. Sa ganitong pagkakataon, huwag mabahala ng nag-iisa, huwag mag-atubiling komunsulta.

- May kinalaman sa karahasan mula sa asawa atbp.
- May kinalaman sa pagitan ng mag-asawa, magulang at anak, biyenan at manugang, kamag-anak atbp.
- May kinalaman sa pakikipagkapwa-tao sa kapitbahay at trabaho.
- May kinalaman sa kasal, diborsyo o sa pagitan ng hindi kasekso (opposite sex).
- At iba pang bagay na ikinababahalang hindi masabi sa ibang tao.

Telephone Counseling (Weekdays) 9:00 ~ 21:00

(Sabado, Linggo, Pista Opisyal) 9:00 ~ 12:00 13:00 ~ 17:00

* maliban sa Year End at New Year Holidays

Counseling by Interview (Weekdays) 9:00 ~ 17:00

* maliban sa Year End at New Year Holidays

※Bilang patakaran, kailangan muna ng reserbasyon.

Numero ng Telepono 058-274-7377

Lugar Gifu Women Counseling Center (Gifu Shi Shimonara 2-2-1 Gifu Ken Nogyoikaikan 2nd Flr.)

Ang konsultasyon sa wikang Tagalog ay isinasagawa ng regular tuwing ikalawang Huwebes ng buwan; 13:00 ~ 16:00. Hanggat maaari, tumutugon rin maliban sa ganitong araw at oras, sa ibang wika (English, Portuguese at Chinese). Sakaling kinakailangan ng interpreter, makipag-ugnayan ng maaga para sa konsultasyon sa CENTER (GIC) o GIFU WOMEN COUNSELING CENTER.